Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**MIMAROPA REGION**
Provincial Environment and Natural Resources Office

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
BY:
DATE:
TIME:

Ika-13 ng Abril, taong 2023

**G. ISRAELI A. ZAMORA**
Barangay Zone II, Socorro,
Oriental Mindoro

Ginoong **Zamora:**

Makakalikasang araw po!

Ito po ay may kinalaman sa inyong liham ng pagrereklamo (habla) na may petsang Enero 07, 2023 na direktang ipinadala sa tanggapang ng Kalihim ng Kagawaran ng Kalikasan at Likas na Yaman na si Antonia Yulo Loysaga patungkol sa inyong loteng may sukat na 788 metro kwadrado na bahagi ng Lote Bilang 1292, Cad 957-D, na matatagpuan sa Barangay Maluanluan, Bayan ng Pola, Silangang Mindoro.

Ang nasabi pong liham ay ibinaba sa aming tanggapan sa pamamagitan ng Pangrehiyon na Tanggapan at natanggap namin noong ika-20 ng Marso taong kasalukuyan.

Kaugnay nito, nais po namin ipagbigay-alam sa inyo na ang usapin patungkol sa loteng nabanggit ay kasalukuyang nasa *Legal Division* na at hinihintay na lamang po namin ang anumang desisyon at pag-uutos mula sa kanila.

Makakaasa po kayo na anumang *update* na aming matatanggap mula sa *Legal Division* ng aming tanggapan ay kaagad naming ipaaabot sa inyong kaalaman.

Nawa po ay inyong lubos na nauunawaan.

Sumasainyo,

**ALAN L. VALLE**
OIC-PENR Officer

*Binigyan ng sipi:*

**DENR-MIMAROPA Region**
Ermita, Manila

**DENR-CENRO Socorro**
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

*Tracking No.:* **2303000522**

TSD/RPS/Dhal